

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-27 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 HULYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay.
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 058
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGTATAKDA NG APAT NA ARAW NG TIYANGGE SA HARAP NG GUSALING PAMPAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO KAUGNAY NG PAGDIRIWANG NG BUWAN NG NUTRISYON NGAYONG HULYO, 1999.

- SAPAGKA'T, ang Buwan ng Nutrisyon ay isang okasyong ipinagdiriwang ng buong bansa bilang isang pagmumulat sa kaisipan ng mga mamamayang Pilipino ng kahalagahan ng wastong nutrisyon para sa kalusugan ng katawan at isipan ng mga mamamayan;
- SAPAGKA'T, sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ang pagdiriwang na ito ay isang tulong-tulong na gawain ng mga namumuno sa pamahalaang bayan at sa mga pamahalaang barangay, ng mga ahensya ng pamahalaan tulad ng sa kalusugan, edukasyon, pagsasaka, at iba pa at sa kalahatan ay ng mga mamamayan ng dalawampung barangay ng bayang ito;
- SAPAGKA'T, isa sa mga gawaing itataguyod ay ang pagkakaroon ng tiyangge sa loob ng apat na araw, Hulyo 20 - 23, 1999 sa harapan ng gusaling pampamahalaang bayan kung saan ang mga produktong gulay, prutas, isda at iba pa buhat sa mga barangay ay ipakikita para sa pamimili ng mga taong-bayan;
- SAPAGKA'T, bilang tulong na rin sa mga magsasaka at magtitinda, hindi sisingilan ng buwis ang pagtitiyanggeng ito na magsisilbing paraan ng pagpapakalat ng impormasyon at

tagapagpalaala sa lahat ng pagpapahalaga sa tama at wastong pagkain para sa ikabubuti ng mga mamamayan at sa ikauunlad ng bayan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na pinapangalawahan ni Konsehal Ramil O. Dimapilis —

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na itakda ang apat na araw na tiyangge sa harap ng gusaling pampamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro kaugnay ng pagdiriwang ng buwan ng nutrisyon ngayong Hulyo, 1999.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Tanggapan ng Punong Bayan at ang Tanggapan ng Pambayang Ingatyan para sa kanilang kaalaman at pamamatnubay.

Pinagtibay ng lahat. 19 Hulyo 1999.

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

tsffaina/